# *Ang Salaysay ng Mayamang Lalake*

***"19 Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana: 20 At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuay, 21 At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat. 22 At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing. 23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. 24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito. 25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan. 26 At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin. 27 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama; 28 Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. 29 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. 31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." (Lucas 16:19-31 KJV)***

Sa salaysay na ito na kababasa pa lang natin at isinalaysay ni Jesus, maibabalangkas natin ang mahahalagang punto tungkol sa buhay at kung paano natin ito kailangang ipamuhay habang tayo'y nasa lupa. Sa salaysay na ito ay nagbigay si Cristo ng malinaw na mga punto tungkol sa buhay, ministeryo, pagdurusa at buhay na walang hanggan at gaya ng mga sumusunod:

***1. Ang kahirapan ng dukha ay maaring mabuti pa rin para sa kanila, "20 At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuan, 21 At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat." (Lucas 16:20-21 KJV)*** Ang dukhang lalaki sa salaysay, nang siya'y nagtiis sa kalagayan na inilagay siya ng Dios doon, ito ang nagpatunay na nagdala sa kanya sa wakas sa sinapupunan ni Abraham. * Ang kahirapan ay maaaring magdulot ng mabuting kapaligiran sa tao at ipagbawal sa kanya na magkasala sa Dios. Ang kahirapan o kakulangan sa ilang bagay na hindi ipinahintulot ng Dios na makuha mo ay maaaring maging isang bagay na proteksiyon sa iyong buhay kung sanay na ang iyong sarili na matakot sa Dios at lumakad sa Kanyang mga landas. Minsan ang materyal na pagpapala ay maaring magtulak sa tao o magtulak sa iyo na magkasala laban sa Dios, Kaya ang kahirapan ay maaring maging isang ligtas na bantay para sa ilan na huwag magkasala laban sa Dios. Sa ilang pagkakataon, ang ilang mga tao ay nagsisimulang magkasala matapos nilang matanggap ang materyal na pagpapala mula sa Dios.

***2. Ang karamdaman at pisikal na kapansanan ay maaring makatulong sa atin sa ating kaligtasan paglalakbay patungo sa walang hanggan.*** Ang karamdaman ng duklang lalaking ito ay kumilos para sa kabutihan para sa kanyang kawalang hanggan. Siya ay puno ng sugat at hinihimod ng mga aso ang kanyang mga sugat. Ang kanyang karamdaman ang naglagay sa kanya sa isang panay na pagdurusa, ngunit tila determinado siyang panatilhin ang kanyang buhay na dalisay sa harap ng Dios, at patuloy na mamuhay sa pag asa ng mga pangako ng Salita ng Dios, ng Kanyang kabutihan, ng Kanyang awa at ng Kanyang katapatan; Sa wakas siya ay pumaroon sa sinapupunan ni Abraham, sa Langit, bilang isang kawalang hanggang tahanan para sa kanya. Ang mga karamdaman at ilang pisikal na kapansanan ay hindi hadlang para sa kaligtasan at pamumuhay para sa Dios at paglilingkod sa Kanya. Pagtitiiis sa karamdaman at pagdurusa at kusang-loob na manatili sa mga landas ng Dios ay ang tiyak at ligtas na paraan para sa atin upang mabuhay para sa Dios at upang manahin ang walang hanggang buhay.

***3. Ang dukhang lalake ay hindi nagkasala laban sa Dios sa pagnanais na baguhin ang sitwasyon na kanyang kinalalagyan.*** Ang dukhang lalaki ay hindi sinubukang magnakaw mula sa mayamang lalaki. Pagmasdan din, na hindi siya nag imbot sa mga kayamanan ng mayamang lalaki. Hinangad niya lamang na mapakain sa mga mumo na malaglag mula sa dulang ng mayamang lalaki. Ang kanyang mithiin ay mapunan ang kanyang tiyan ng pagkain at maibsan ang kanyang gutom. Pagmasdan din na hindi itinuon ang kanyang puso na punan ang kanyang tiyan ng masasarap na pagkain na nasa dulang ng mayamang lalaki. Hindi siya nag imbot sa kanyang masasarap na pagkain. * Ang dukhang lalaki ay nakuntento sa ibinigay ng Dios sa kanya. Hindi siya nagbulong bulong, Hindi siya nagreklamo, at sa katunayan siya'y naging mabuting halimbawa na inilagay ng Dios sa tabi ng mayamang lalaki na maari siyang makinig at matuto mula sa kanyang mabuting

pagkatao. * Pagnilayan ngayon ang mensahe sa iyong buhay at tingnan kung nasaan ka ngayon mula sa mga paglalarawan na binalangkas ng Salita ng Dios sa atin mula sa talatang ito ng Kasulatan. Maraming tao sila'y nahuhulog sa mga utang dahil sa kanilang mga paghahangad na kumain ng masasarap na pagkain, pagkain sa restawrant, paglalakbay, pagsusuot ng mamahaling damit, make up, pabango, mga palamuti, atbp.

***4. Ang dukhang lalake ay namamalimos dahil siya ay pinahihirapan ng mga sugat sa buo niyang katawan.*** Kaya dito mapapansin natin na ang dukhang lalaki ay nagmamakaawa hindi dahil tamad siya kundi siya ay may sakit at hindi kayang magtrabaho, o hindi matanggap sa trabaho. Maraming tao sila'y namamalimos dahil sila'y mga tamad, at sila'y nanghihingi hindi para sa pagkain, kundi para sa ibang materyal na mga bagay. Maging sa mga namamalimos ng pagkain, sila'y hindi nagmamalimos para sa simpleng pagkain kundi para sa isang masarap na pagkain at mamahalin. Ayon sa ating binasa sa salaysay na ito ni Jesus, marami sa nanghihingi sila'y walang karapatan na gawin iyon.

***5. Ang kamatayan ay habag ng Dios sa mga taong nagtatakda ng kanilang puso na lumakad sa Kanyang mga landas. "22 At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing." (Lucas 16:22 KJV)*** Kapag ipinamuhay natin ang ating buhay sa pagsunod sa Dios at handang tanggapin ang pagdurusa na itinakda ng Dios para sa atin, kung gayon ang kamatayan ay daan na tayo ay isinasalin sa Langit. Si Cristo ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan, at sa pagsisi at pagsunod sa Kanya sa ating buhay kung gayon tayo'y mapapa sa Kanya sa Langit. Ang kamatayan ng pulubing iyon ay ang kanyang kaaliwan.

***6. Kapag maluho nating ginagastos ang ating pera sa pagkain, pananamit, at iba pang marangyang bagay, tayo ay nagkakasala laban sa Panginoon.*** Inilarawan ni Jesus ang mayamang lalake na siya nagsusuot ng napaka ganda at yaon siya ay gumastos nang maluho sa kanyang sarili. ***"19 Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana:" (Lucas 16:19 KJV)*** Hindi siya nasisiyahan sa pagbili ng karaniwang mga bagay upang matugunan ang kanyang kailangan, ngunit bumibili siya ng mamahalin at may tatak na mga bagay upang punuin ang kanyang dulang. Maraming tao gumagastos sila nang higit sa kanilang mga damit at sa pagkain na kanilang kinakain. Sila'y nagbabayad ng malaki para lamang sa lasa ng pagkain. Gumagastos sila ng malaki para lang sa tatak. Ang pag aaksaya ay kasalanan ng alibughang anak na nagsayang ng pera ng kanyang ama sa magulong pamumuhay. Ang mayamang lalaki ay tumanggap ng mabubuting bagay habang siya'y nasa lupa. Ginamit niya ang kanyang kayamanan upang pasiyahin ang kanyang katawan at ipagmalaki ang kanyang kayamanan sa paraang kanyang ginastos. Si Abraham gaya ng mababasa natin sa kuwento ay nagsabi sa kanya ng sumusunod: ***"25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan." (Lucas 16:25 KJV)*** Sinabi ni Abraham sa kanya na tumanggap siya ng mabubuting bagay sa buhay. Ang mayamang lalaki sa salaysay ay ipinadala sa impiyerno dahil hindi niya pinahintulot ang kanyang katawan na magdusa. Tinaggap niya ang pinakamainam sa lahat ng mabubuting bagay sa kanyang buhay hanggang sa kanyang kamatayan. Hindi niya ipinagkait sa sarili ang kahit na anong kasiyahan. Ang mayamang lalaki ay hindi hinatulan dahil hindi niya tinulungan ang mahirap na si Lazaro, kundi dahil sa kanyang pag-aatubiling mamuhay ng payak at tinanggihan niyang sundan ang mabuting halimbawa ni Lazaro. Hindi namin sinasabi dito na dapat nating gawing mahirap ang ating sarili o pabayaan ang mahihirap sa ating paligid, kundi sundin at ipatupad ang paraan ng buhay na itinakda ng Dios para sa atin. Ang mayamang lalaki sa salaysay ni Jesus ay hindi nagnakaw, hindi nangalunya, hindi pumatay, ngunit hindi niya ipinamuhay ang paraan ng buhay na nais ng Dios sa kanya na ipamuhay. Ngayon, ang mensahe para sa atin ngayon ay ito: Kung ang iyong ginagawa sa ganitong direksyon ay para lamang sa tumanggap ng mabubuting bagay sa buhay na ito, ng mabubuting bagay ng pagkain, damit, sapatos at iba pang marangyang bagay, kung gayon ginagawa mo lamang upang masiyahan ang iyong mga kalayawan at wala sa iyong isip ang paraan ng buhay na nais ng Dios sa iyo na ipamuhay.

***7. Kapag wala tayong malasakit sa mga pangangailangan at paghihirap ng iba, kung gayon hindi natin ginagawa ang mabuti na dapat nating gawin, at sa ganitong paraan tayo ay nagkakasala.*** Ang mayamang lalaki ay walang malasakit para sa dukhang lalaki na may sakit at nagmamalimos na pakainin ang kanyang sarili. Wala naman tayong mababasa na may ginawa ang mayaman para makatulong at paginhawain ang kawawang maysakit. Nakatira siya sa pintuan ng mayamang lalake ngunit hindi siya napaginhawa nito. Samakatuwid, kapag inilapit ng Dios ang mga mahihirap sa ating mga pintuan, pananagutan nating tulungan sila.

***8. Tinawag tayo ng Dios na tulungan ang mga dukha na inilagay niya sa tabi natin.*** Pansinin na tinawag tayo ng Dios upang tumulong. Ngunit hindi tayo tinawag ng Dios upang suportahan ang mahihirap na tao na hindi natin nakikita. Hindi rin tayo tinawag ng Dios para pakainin at suportahan ang mga taong kayang pakainin ang kanilang sarili. Tinatawag tayo ng Panginoon upang suportahan ang mga pangangailangan ng mga taong hindi nila kaya at imposibleng matugunan nila ang kanilang mga pangangailangan. Halimbawa ang dukhang lalaking

ito ay may sakit at nahihirapan sa karamdaman at hindi kayang magtrabaho at pakainin ang kanyang sarili. Inilagay ng Dios ang dukhang lalaking iyon sa pintuan ng mayamang lalake upang matulungan niya siya sa kinakailangang mga bagay. Maging may kamalayan din tayo na marami ang lalapit na may ilang mga salaysay at hihingi ng tulong, ngunit iilan lamang ang tunay at angkop na tulungan dahil sila ay nasa sitwasyon tulad ng pulubi na ito sa salaysay ni Jesus.

***9. Ang kamatayan ay parusa ng masasama. "… at namatay naman ang mayaman, at inilibing." (Lucas 16:22 KJV)*** Ang mayaman ay maibigin sa materyal, makasarili, sakim at ang kanyang pag aalala ay para lamang pasiyahan ang kanyang sariling kasiyahan at laman. Hindi siya naawa sa dukhang pulubi na may sakit at hindi mapakain ang kanyang sarili.

***10. Ang impierno ay totoo at ang pagdurusa sa impierno ay totoo. "23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. 24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito." (Lucas 16:23-24 KJV)*** Marami ang nagsasabi na pakiusap huwag mong sabihin sa mga makasalanan ang tungkol sa impierno, ngunit si Jesus sa Bagong Tipan ay malinaw na ipinangaral ang tungkol sa impierno. Kaya ang mga makasalanan ay kailangang magsisi upang sila'y hindi pumunta doon. Samakatuwid, gayundin kailangan nating ipangaral ang evangelio at balaan ang mga makasalanan, sa gayo'y magiging malaya tayo mula sa kanilang dugo.

***11. Pagkatapos ng kamatayan mayroong paghatol at tadhanang hindi mababago.*** Hiniling ng mayamang lalake kay Lazaro na plaamigin ang kanyang dila ay tinanggihan ni Abraham dahil mayroong malaking pagitan na nakalagay sa pagitan nila. Sinabi ni Abaraham sa mayamang lalaki: ***"26 At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin." (Lucas 16:26 KJV)*** Kaya naman kailangan nating ipangaral ang evangelio at balaan ang mga makasalanan upang magsisi dahil pagkatapos ng kamatayan mayroong paghatol, at hindi natin maipagdarasal na mabago ang kanilang tadhana.

***12. Ang masamang halimbawa na ipinamumuhay natin ay maaaring mag-akay sa iba sa maling direksyon at maligaw nang walang kaligtasan.*** Sa pagkakarinig niyon, hiniling niyang muli na ipadala si Lazaru sa kanyang sangbahayan upang sabihin sa kanyang limang magkakapatid na huwag pumaroon sa lugar na iyon. Ang mayamang lalaki ay nagmamakaawa kay Abraham para ipadala si Lazaro sa sangbahayan ng kanyang ama upang balaan ang kanyang limang mga kapatid, na magsisi, upang sila'y hindi pumunta doon. ***"27 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama; 28 Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa." (Lucas 16:27-28 KJV)*** Ang masamang halimbawa na ipinamuhay ng lalaking ito, ay nagligaw sa kanyang limang kapatid na posibleng mas bata sa kanya. Ang kanyang kasalanan ay nagpakasarap sa materyal na mga bagay na tinanggap niya mula sa Dios. Kahit na hindi siya nagnakaw; kahit hindi niya nakuha ang kanyang pera sa pamamagitan ng panloloko, kasalanan pa rin ito dahil ginastos niya ito sa paraang hindi nakalulugod sa Dios, sapagkat siya ay nabubuhay lamang upang pasiyahan ang kanyang mga ego at kalayawan. * Ang di ayon sa Banal na Kasulatan na paraan ng pamumuhay na iyon ay mapapansin ng iba, at maaaring gayahin at sundin nila at maaring maligaw sila dahil mas iniisip nila ang kanilang sarili kaysa mga bagay ng Dios. * Ilagay sa iyong isipan na kahit mayaman ka, kailangan mo pa ring ipamuhay ang paraan na nais ng Dios na ipamuhay mo at hindi ang paraan na gusto mo. Maayos na ginawa ng pulubi ang kanyang ministeryo. Nanatili siya kung saan siya nilagay ng Dios at hindi lumipat sa ibang lugar upang ipagpatuloy ang kanyang ministeryo sa mayamang lalaki, at siya ay naging mabuting halimbawa sa kanya hanggang sa punto at kaya naman ang mayamang lalaki ay humiling kay amang Abraham na ipadala si Lazaro sa sangbahayan ng kanyang ama upang mangaral sa kanyang limang kapatid. Hinarap ang hatol ang mayamang lalaki dahil ginamit niya ang mga mabubuting bagay na natanggap niya mula sa Dios para sa kanyang sariling kaginhawahan. Hindi niya nilingon ang Dios at hindi rin siya nakilahok sa ministeryo ng Dios o kahit papaano ay tinulungan ang mga tao sa kanyang paligid na makilala at mamuhay sa katotohanan. May pananagutan tayo sa Dios para sa lahat ng bagay na natanggap natin mula sa Kanya at inaasahang kumilos nang may pag-iingat. Ang pagpapabaya sa mga bagay na natanggap natin mula sa Kanya upang magamit para sa Kanyang layunin ay isang mapanganib na bagay, at sa huli'y hahatulan tayo ng Dios dahil dito.

***13. Ang pagdurusa ay hindi isang pagpipilian para buhay ng Cristiano, kundi ito ay sapilitan.*** Ngayon ay malinaw kung bakit kailangan nating maging hand ana yakapin ang ideya ng pagdurusa sa sanglibutan ito. ***"1 Kung paano ngang si Cristo ay nagbata sa laman, ay magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip; sapagka't siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan;" (1 Pedro 4:1 KJV)*** * Ang pamumuhay ng banal ay ang pinakamahusay na paraan upang makaligtas sa kasalanan ng pagpapaligaya sa sarili sa makamundong kasiyahan. Sa ganitong pag iisip at pananaw, magiging mabuting halimbawa tayo sa iba sa

pamumuhay na malayo sa makamundong pagnanasa at sa pagnanasa ng laman, tinatanggap ang mga pagsubok ayon sa itinakda ng Dios para sa atin, nagpapatuloy sa lahat ng kabanalan at makaDios, iniukol ang ating mga pinagkukunan upang paglingkuran ang Dios at ang mga ministeryo ng simbahan, at inaanyayahan ang iba na sundan ang ating halimbawa habang sinusundan natin ang halimbawa ni Cristo. * Ang pagdurusa ay hindi lamang para sa mga dukha o may karamdaman o sa mga taong may kapansanan, kundi ang pagdurusa ay itinakda rin sa mayayaman at maayos upang gawin ng mga tao. Kung pinagpala ka ng Dios hindi ibig sabihin gastusin mo ang lahat para sa iyong sarili at ipagkait ang iyong sarili sa wala. * Alam ko na marami silang namumuhi sa katuroang ito at kinamumuhian nila ako dahil sa turong ito, ngunit kailangan kong patuloy na ituro ito upang iligtas ang aking kaluluwa sa harap ng Dios.

***14. Ang Kasulatan ay itinakda para sa atin mula sa Dios upang maituro sa paraan ng Dios: "29 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. 31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." (Lucas 16:29-31 KJV)*** Ang mga propeta sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan na mga apostol, proepta at banal ay mabubuting halimbawa sa atin ngayon upang lumayo mula sa kamunduhan at mamuhay ng payak na nakakapagpalugod sa Dios nang may kahandaang magdusa para sa Kanya. Ang paraan ng buhay na pinamumuhay ng mayamang lalake ay salungat sa Salita ng Dios at ang paraan ng pamumuhay na ipinamumuhay nila Moises, ng mga apostol, propeta ay ipinahayag sa Salita ng Dios. Hindi ko sinasabing dapat tayong mamuhay na parang monghe, ngunit mamuhay nang simple ayon sa Salita ng Dios. Kailangan nating magpasailalim sa Kasulatan (Ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan) at ipamuhay ang mga ito sa ating buhay at sa ating mga kaugnayan at komunikasyon sa mga tao sa paligid natin. Si Jesus ay namatay at nabuhay mula sa kamatayan, at sa pamamagitan ng Kanyang dugo tayo ay naligtas. Si Jesus, na dumating upang tuparin ang Kasulatan, sinabi rin, ***"16 Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan: mula noo'y ang evangelio ng kaharian ng Dios ay ipinangangaral, at ang bawa't tao ay pumapasok doon na nagpipilit. 17 Nguni't lubhang magaan pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kay sa mahulog ang isang kudlit ng kautusan." (Lucas 16:16-17 KJV)*** Samakatuwid tayo ay mahikayat ng Kanyang Salita at tagubilin, at sumailalim tayo sa Salita ng Dios at maunawaan ang daan ng pagdurusa na itinakda Niya para sa atin upang isabuhay at ipamuhay ito nang tumpak.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ngayon ay lumapit sa Dios at kusang loob na sundin ang Kanyang landas, ang makipot na daan na itinakda Niya para sa atin upang pagdaanan at handang dumaan sa pagdurusa at sa paraan ng buhay na itinakda Niya para sa atin na daanan hanggang makarating tayo sa Langit o hanggang Siya ay pumarito at kunin tayo.

Magsisi nang maaga at bago mamatay. Maging handa tayong magsisi at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan at maling ginawa at baguhin ang ating mga gawain. Mahikayat tayo sa Salita ng Dios at sa Kanyang mga pangako sa atin, ang buhay na walang hanggan at ang lugar at ang mana na inihanda Niya para sa atin sa Langit. Manalangin tayo ... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong salita na naliwanagan ang aking isipan at nakita ko ang buhay at pagdurusa mula sa iyong pananaw.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong kamunduhan, ang pagnanasa ng iyong mga mata at ang iyong pagibig sa materyal na mga bagay. Magsisi sa mga maluhong buhay na ipinamumuhay mo, pagsasayang ng iyong mapagkukunan sa pagkain, damit, restawrant, mga pagdiriwang, palamuti, make up, pabango, sasakyan, kasiyahan at paglalakbay. Magsisi sa iyong pagbulong bulong, walang pasasalamat, at kawalan ng kasiyahan. Magsisi sa iyong walang malasakit sa iba sa paligid mo na nangangailangan at nasa kaguluhan. Magsisi mula sa iyong masamang halimbawa sa iba at sa iying sariling pamilya. Magsisi mula sa iyong masamang pangangasiwa at pagsasayang ng iyong magpagkukunan. Magsisi sa iyong kawalan ng pananampalataya sa Salita ng Dios at ang pagsuway mo sa Salita ng Dios. Magsisi sa paggawa ng iyong sariling kalooban at ng iyong sariling plano at hindi kalooban, o plano ng Dios. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi mula sa mga sumusunod na kasalanan* ______________________________.

*Panginoon buksan ang aking mga mata sa mga taong inilagay mo sa tabi ko na kailangan kong tulungan at alalayan. Panginoon handa akong mamuhay sa paraan ng buhay na nais mong ipamuhay ko. Ipinangako ko ang aking sarili sa mga alintuntunin ng pangangasiwa at ng pagtitipid sa pamumuhay. Ipinangako ko ang aking sarili na yumaon at maglingkod sa iyo at gawin ang mga gawain na nauna mo nang inihanda para sa akin na gawin. Panginoon handa akong magdusa, pagtupad sa Banal na Kasulatan, at pagsulong sa misyong gawain mo hangang ikaw ay dumating at kunin ako kasama mo. Panginoon alalayan ako at ibigay ang lahat ng aking*

*kailangan sa gayo'y patuloy akong maglingkod sa iyo. Sapagkat sa iyo ipinangako ko ang aking buhay at sa iyo Ako'y nagtitiwala.*

*Panginoon pagpalain ang aming mga kapatid na Lalake at Babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay upang mabuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at patnubayan kami at buksan sa amin ang bagong mga pintuan upang mag evangelio at ibahagi ang aming buhay patotoo sa iba upang makilala ka nila, magsisi sa kanilang mga kasalanan at sundin ka. Panginoon ipahayag ang iyong sarili sa kanila sa mga pananaw at panaginip. Malaman nila na ikaw ang totoong Dios at kami ang iyong mga lingkod. Panginoon paging dapatin kami na yumaon at gumawa ng bagong mga alagad at bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Panginoon patnubayan kami at tulungan kaming magsanay ng bagong mga manggagawa upang paglingkuran ka. Panginoon tulungan kami na magtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag aaral ng Bibliya para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com